



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 105 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
12, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

KAPASYAHAN BLG. 554
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA
NG YUMAONG SI KGG. LIMBO R. SANZ, DATING PUNONG
BARANGAY NG BARANGAY BAGUMBAYAN, ROXAS,
ORIENTAL MINDORO

SAPAGKAT, si Kgg. Limbo R. Sanz ay pumanaw noong Agosto 8, 2024 sa edad na limampu;t
anim na taong gulang;

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Punong Barangay ng Barangay Bagumbayan mula taong
2010 hanggang 2013;


SAPAGKAT,sa kanyang panunungkulan bilang Punong Barangay, siya ay naging simbolo ng
isang masipag at matapat na lingkod-bayan;

SAPAGKAT, bilang Punong Barangay, pinagsumikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang
kakayahan ang tungkulin na sa kanya ay iniatang;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng
pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating Punong
Barangay ng Barangay Bagumbayan, Kgg. Limbo R. Sanz.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating Punong
Barangay ng Bagumbayan, Roxas, Oriental Mindoro, Kgg. Limbo R. Sanz ang
tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga
namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.



JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA


IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Limbo R. Sanz lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 12 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPHILIS
Tagapangulo